## Pagpapataas ng Tiwala sa Sarili sa Pamamagitan ng Edukasyon

Mahalaga ang pagpapataas ng tiwala sa sarili para sa bawat bata upang makilala nila ang kahalagahan ng kanilang sarili,upang mapaunlad ang kanilang mga kakayahan at mamuhay ayon sa kanilang sariling pagkakakilanlan.
Upang maabot ang layunin na “Pagtataguyod ng Edukasyon upang mapataas ang Tiwala sa sarili ng mga bata” ,aming isusulong ang 32 na patakaran at ang mga sumusunod na mga hakbang.

### Pangunahing mga Hakbangin 1. Pagpapalakas ng Suporta sa Edukasyon sa Tahanan at Edukasyon para sa mga bata

- Pagsulong ng mga hakbangin na sumusuporta sa maayos paglaki ng mga bata at edukasyon sa tahanan.
- Pagpapalakas ng suporta sa mga pamilyang may iba' t-ibang problema.
- Paglikha ng kapaligiran sa edukasyon na magbibigay-daan sa mga bata sa kanilang murang edad na itatag ang mga batayan ng paghubog sa kanilang pagkatao.

### Pangunahing mga Hakbangin 2. Pagtatag ng isang Paaralan na May Pagkakaisa at Suporta sa isa' t-isa

- Pagsulong ng mga hakbangin na lumikha ng mga ugnayan kung saan ang bawat isa ay kinikilala,hinihikayat at sinusuportahan ang isa' t-isa.
- Pagsulong ng mga hakbangin na nagpapahalaga sa mga boluntaryong mga gawain at sariling-pamamahalang mga gawain na nagpapalabas ng pagkamalikhain.
- Pagsulong ng mga hakbangin na nagpapalaganap ng pag-unawa sa damdamin ng iba at pagpapahayag ng pasasalamat sa kapwa.

### Pangunahing mga Hakbangin 3. Pagpapalawak ng Edukasyon at Suporta na Tumutugon Ayon sa iba' t-ibang Kalagayan ng mga Bata

- Pagsulong ng mga hakbangin na paglikha ng mga aralin na pinagsasama ang indibidwal na pag-aaral at pangkalahatang pag-aaral at pananaliksik na pag-aaral.
- Pagsulong ng mga hakbangin na nagbibigay-daan sa mga bata na maramdaman ang kahalagahan ng pagtulong sa iba,sa grupo at sa lipunan.
- Pagsulong ng mga hakbangin na nagbubunga ng mas magandang samahan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba.
- Pagpapalawak ng mga karanasan na nagbibigay inspirasyon sa tagumpay at mga gawain na nagpapalakas ng kakayahang harapin ang mga pagsubok.
- Pagsulong ng mga hakbangin na nakikipagtulungan sa komunidad para sa pagsuporta sa pag-aaral sa labas ng tahanan at paaralan.

### Pangunahing mga Hakbangin 4. Pagsulong ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo

- Pagsulong ng mga hakbangin upang mapabuti ang kakayahan ng mga guro na bumuo ng mga relasyon ng tiwala sa bawat bata.
- Pagsulong ng mga inisyatiba na naglalayong gawing lugar ang mga paaralan kung saan ang mga guro ay maaaring makaramdam ng kasiyahan at magkaroon ng kahulugan ang layunin sa buhay.

## Upang makamit ang Adhikain sa Edukasyon

Sa mga pamilya, komunidad, at mga kumpanya, nais namin ang inyong pakikiisa upang magtagumpay ang bisyon na ito.

### Sa Paaralan

- Pagpapaunlad ng kakayahan sa pagiging malaya, pakikipag-ugnayan, at paglikha.
- Pagtiyak sa mga oportunidad sa pag-aaral, atbp.
- Pagbuo ng paaralan na bukas sa komunidad at pinagkakatiwalaan.




### Sa Pamilya

- Lumikha ng isang kapaligiran kung saan maaaring mamuhay nang may kapayapaan ang isip.
- Pagtatatag ng mga gawi na kailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Pakikipagtulungan sa mga paaralan.



### Sa Komunindad・Korporasyon

- Pagbibigay at pagsuporta sa iba't ibang pagkakataon para sa pagkatuto.
- Pakikipagtulungan at kontribusyon sa mga patakaran sa edukasyon.



### Sa Gobyerno

- Tiyak na tugon sa mga lumalabas na mga isyu at sitwasyon.
- Pagpapabuti ng Kalidad ng Edukasyon.



Para sa iba pang detalye, pakisilip ang Web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng Mie Prefecture o tawagan kami gamit ang mga detalye sa ibaba.


Opisina ng Lupon ng Edukasyon ng Mie Prefecture,
Kagawaran ng Patakaran sa Edukasyon
〒514-8570 13 Koumei-cho, Tsu City, Mie Prefecture
TEL: 059-224-2951 FAX: 059-224-2319
E-mail:kyosei@pref.mie.lg.jp


Bisyon ng Edukasyon ng Mie Prefecture
https://www.pref.mie.lg.jp/KYOSEI/HP/m0202400076.htm

QR Code




"Miebii"
Maskot ng Pamahalaan ng Edukasyon ng Mie

# Bisyon ng Edukasyon ng Mie

## Para makamit ang pangarap ng mga bata

Taon ng Reiwa 6 (2024) ▶ Taon ng Reiwa 9 (2027)



Marso, Reiwa 6

Pamahalaan ng Edukasyon ng Mie

Leaflet

# Sistema sa Pananaw sa Edukasyon

Sa bisyong ito, tinutukoy ang direksyon ng edukasyon sa ating rehiyon bilang "mga kasanayang nais palaguin sa mga bata" at ipinapaliwanag ang "mga pangunahing prinsipyo ng mga patakaran sa edukasyon" at "mga pananaw na nakapaloob sa bisyon ng edukasyon" para maisakatuparan ito. Sa "mga pangunahing estratehiya", ipinapakita ang anim na pangunahing hakbang at 32 aksyon para sa pagpapaunlad ng "mga pangunahing estratehiya".

## Mga Kakayahang Nais Paunlarin sa mga Bata

### Kakayahang magtaguyod ng sarili

Kakayahang matutong mag-isa, humarap sa mga pagsubok, magkaroon ng kumpiyansa at karangalan, at magdesisyon nang may pananagutan.

### Kakayahang Makibagay sa iba

Kakayahang mamuhay nang may pagkakaisa at magtulungan, at harapin ang mga hamon at suliranin.

### Kakayahang Lumikha

Kakayahang bumuo ng inobasyon, lumikha ng bagong ideya at mga solusyon, at magtaguyod ng bagong halaga.

## Mga Mahalagang Prinsipyo at Patakaran sa Edukasyon

Pagpapabuti ng edukasyon para sa mga bata na magsusulong ng hinaharap ng Mie, tulad ng pagpigil sa pambubully, pagpapataas ng tiwala sa sarili, at pagpapabuti ng propesyon ng pagtuturo.

① Pagpapalawak ng mga posibilidad para sa mga bata. ② Patibayin ang tiwala sa sarili para sa kaligayahan ng bawat isa. ③ Paglinang ng kakayahang lumikha ng isang maunlad na lipunan.
④ Layunin na makapagbigay ng mas kasiya-siyang edukasyon. ⑤ Pagsikapan na lumikha ng isang lipunan kung saan ang lahat ay maaaring matuto at gumanap ng aktibong papel anumang oras.

## Pangunahing Tuntunin at Mga Aksyon

### Polisiya 1. Pagbuo ng mga kasanayan na magiging pundasyon sa hinaharap

Pagbibigay sa mga bata ng "dekalidad na akademikong kaalaman," "pusong mapagmalasakit," at "kalusugan ng katawan" bilang saligan sa buhay.

**Mga Hakbang**

- Pagpapaunlad ng self-esteem ng bawat isa.
- Pagpapatibay ng abilidad sa akademiko.
- Pagpapaunlad ng edukasyon para sa mga bata.
- Pagpapaunlad ng edukasyon sa karapatang pantao.
- Pagpapaunlad ng edukasyon sa moralidad.
- Pagpapaunlad ng mga aktibidad sa pagbabasa at sining.
- Pagpapaunlad ng edukasyon sa kalusugan at nutrisyon.
- Pagpapahusay ng pisikal na kakayahan at reporma sa mga aktibidad ng sports.



### Polisiya 2.Pagpapaunlad ng kakayahang lumikha ng hinaharap at maging tagapagtaguyod ng lipunan

Pagpapalakas ng kagustuhang matuto, katapangang harapin ang mga pagkakamali, at aktibong pakikilahok sa paghubog ng lipunan.

**Mga Hakbang**

- Pagsulong ng edukasyon sa karera.
- Pagsulong ng global na edukasyon.
- Pagbuo ng kakayahang lumikha ng bagong ideya.
- Pagpapaunlad ng kakayahang makibahagi sa pagbuo ng komunidad.



### Polisiya 3.Pagpapaunlad ng Suporta sa Edukasyon para sa mga Batang may Espesyal na Pangangailangan

Pagbibigay ng kinakailangang suporta sa mga batang may espesyal na pangangailangan para sa kanilang kinabukasan na pagiging malaya at paglahok sa lipunan.

**Mga Hakbang**

- Pagsulong sa patuloy na edukasyon na nababagay sa pangangailangan ng bawat isa.
- Pagpapatibay ng edukasyon sa mga espesyal na paaralan upang matuto sa sarili at makilahok sa lipunan.



### Polisiya 4.Paglikha ng Ligtas na Lugar ng Pagkatuto na Walang Pang-aapi o Karahasan

Pagtuturo sa mga bata ng tamang asal at kakayahan upang maiwasan ang pang-aapi, pati na ang tamang pag-unawa at pag-aksyon laban sa pang-aapi sa paaralan.

**Mga Hakbang**

- Pagsulong sa mga pagsisikap para mawala ang mga pang-aapi at karahasan.
- Pagpapabuti ng sistema ng pagkilala at pagtugon sa pang-aapi sa loob at labas ng paaralan.
- Pagtitiyak ng mabilis at tamang pagtugon sa mga insidente ng pang-aapi.
- Pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro sa mga hakbang laban sa pang-aapi at pagpapahusay ng mga sistema ng pagsuporta.



### Polisiya 5. Pagtataguyod ng Ligtas at Komportableng Edukasyon para sa Lahat

Isusulong ang pagbuo ng ligtas at komportableng kapaligiran para sa pagkatuto, pagtiyak ng seguridad sa pagpasok at pag-uwi sa paaralan, at paghahanda ng sistema para sa mga emerhensiya.

**Mga Hakbang**

- Suporta para sa mga estudyanteng hindi regular na pumapasok sa paaralan.
- Pagpapaunlad ng kakayahan na tumayo sa sarili para sa mga mag-aaral na mula sa ibang bansa.
- Pagsulong ng edukasyon at hakbang sa pag-iwas sa kalamidad.
- Pagtataguyod ng seguridad at kaligtasan ng mga bata.
- Pagbuo ng learning safety net at patuloy na pag-aaral.




### Polisiya 6.Pagbuo ng Kapaligirang Angkop sa Pagaaral

Pagpapalakas ng mga programang pang-edukasyon sa komunidad, kasama ang pagtaas ng kalidad ng pagtuturo ng mga guro at reporma sa mga proseso sa paaralan.

**Mga Hakbang**

- Pagpapabuti ng kakayahan ng mga guro, pagkuha ng angkop na tauhan, at pagpapatupad ng mga alituntunin.
- Pagtataguyod ng reporma sa paraan ng pagtatrabaho sa paaralan.
- Pagpapalaganap ng edukasyong gumagamit ng ICT(teknolohiya).
- Pagbuo ng mga paaralang katuwang ang komunidad.
- Pagbuo ng kakaiba at kaakit-akit na paaralan.
- Pagpapabuti ng mga pasilidad sa paaralan.
- Pagsuporta sa pag-aaral sa tahanan.
- Pagsulong ng panlipunang edukasyon at pagpapabuti ng mga lokal na kakayahan sa edukasyon.
- Pagtataguyod sa pag-iingat, paggamit, at pagpapasa ng mga pamana na kultura.



## Mga pananaw na nagpapatibay sa edukasyon

Binibigyang pansin ang pananaw ng mga bata at pinahahalagahan ang kanilang indibidwal na pag-unlad sa pag-aaral.

Pagbibigay ng tuloy-tuloy na pag-aaral na lumalampas sa mga grado at klase sa paaralan.

Pagbuo ng paaralan na kung saan ay nagtutulungan ang Paaralan, Pamilya at Komunidad para sa paggabay sa mga bata.

Pagtatag ng isang paaralan kung saan ang mga guro ay makakapagtrabaho ng may kasiyahan at makakatutok sa mga bata.